
# Ang Makulay na Palengke




**Mga Letra: a, b, d, e, g, h, i, k, l, m, n, ng, o, p, r, s, t, u, w, y ( - )**

Isinulat ni Marilou L. Vasquez
Iginuhit ni Joy J. Lopez
Sinuri nina Cristina B. Leaño, Marife S. Maderazo, Marimyn Olga C. Magistrado, Wilma M. Ojeda, at Nelia A. Urban




May iba't ibang bahagi ang palengke. May prutasan, isdaan, gulayan, at karnehan sa palengke. Maraming nagtitinda at mamimili rito.




May prutas na iba-iba ang kulay. Makikita ang pula, berde, at dilaw na prutas. Mayroon ding mga hinog at hilaw na prutas.




Magkatabi ang mga pakwan at pinya sa lalagyan. Binibili ang mga sariwang prutas na gustong kainin.





May mga berdeng kangkong at ampalaya sa gulayan. Murang mabibili ang talbos ng kamote at petsay. May mga mamimili rin ng repolyo, talong, at kalabasa.



Makikita rin sa gulayan ang sibuyas, bawang, at luya. Mayroon ditong okra, karot, at berdeng papaya. Mayroon ding kamatis at sili na mamula-mula.




Sa isdaan, may iba-ibang uri ng isda. Mayroon ditong matambaka, tilapya, at tulingan. May makikita ring sapsap, dilis, at galunggong.




Makikita sa sariwang isda
ang mapupulang hasang.
Palatandaan din ang malilinaw
na mga mata.




Sa karnehan, mabibili ang mga sariwang karne. Makikita rito ang mga karne ng baboy at manok. Dapat namumula-mula at hindi nangingitim ang kulay nito.




Sa palengke puwede mong piliin ang iyong gusto. Iba-ibang uri ng karne ang nakalatag o nakabitin. Maaari kang bumili ng bahaging gusto mo.












Malaki ang maitutulong ng apat na bahagi ng palengke. Mabibili natin dito ang ating mga pangangailangan. Panatilihin natin itong malinis at ligtas sa lahat ng oras.

## Mga Tanong at Gawain

1. Ano ang pamagat ng iyong binasa?

2. Ano-ano ang mga bagay na makikita sa palengke?

3. Pangkatin ang mga salita sa ibaba ayon sa uri nito at ipaliwanag kung bakit.

| | | |
|---|---|---|
| tagabuhat | saging | ampalaya |
| nagtitinda | repolyo | lansones |

4. Bakit kaya makulay sa palengke?

5. Isulat kung saang bahagi ng palengke mo bibilhin ang mga ito:

A.____________
ampalaya
kalabasa

B.____________
dilis
matambaka

C. ____________
manok
karneng baboy

D. ____________
pinya
saging

6. Paano natin mapapanatiling malinis at ligtas ang palengke?